〈タガログ語〉

# Para sa mga Dayuhan Tanggapan ng Konsultasyon Ukol sa DV o Domestikong Karahasan

**Walang Bayad**

## Sa mga pagkakataong ito ay mangyaring kumunsulta

- Tumatanggap ng pang-aabuso mula sa esposo (esposa) o kasintahan
- Hindi alam ang gagawin pagkatapos ng karahasang ito
- Nais malaman ang proseso sa munisipyo at korte
- Nais malaman ang tulong na maaaring makuha

**Any discussions are in confidence.**

## Sa mga bagay na ito ikaw ay bibigyan ng tulong

- Konsultasyon
- Pagbibigay ng impormasyon ukol sa DV (Ukol sa DV, Protection Order, Diborsyo, atbp.)
- Pagbibigay ng impormasyon ukol sa pamumuhay nang sarili
- Pagsama sa munisipyo/ospital, atbp.
- Pagtulong sa pagpunan ng mga dokumento, atbp.

| Araw | Araw ng Huwebes | Maliban sa araw ng Huwebes |
|---|---|---|
| Lugar | **International Activities Plaza** | **Lifelong Learning Center** |
| Oras | 9:00～17:00 | 9:00～16:45 |


※ Mangyaring makipag-ugnay nang maaga kapag kailangan ng tagapagsalin.

## Lifelong Learning Center (You・I Fukui)

**Telepono 0776-41-7112**

14-1 Shimorokujōchō, Fukui 918-8135

Araw Sarado
- Tuwing Lunes (Di-kabilang ang araw ng kapistahan)
- Ikatlong Linggo ng buwan
- Kasunod na araw pagkatapos ng araw ng kapistahan (hindi kabilang ang Sabado, Linggo at araw ng kapistahan)
- Katapusan at simula ng taon (12/28～1/4)




## International Activities Plaza

**Telepono 0776-28-8800**

1-1 3 chōme Hōei, Fukui-shi 910-0004

Araw Sarado
- Tuwing Lunes (Di-kabilang ang ika-2 Lunes ng buwan)
- Araw ng Kapistahan
- Katapusan at simula ng taon (12/29～1/3)



# Pang-aabuso mula sa partner

## Huwag problemahing mag-isa at kumunsulta

**Ang DV (Domestic Violence o Domestikong Karahasan)** ay pang-aabuso mula sa esposo o kaya esposa o kasintahan (dating kabiyak).
Ang pang-aabuso ay hindi lamang sa pamamagitan ng suntok at sipa.
Ang pang-aabuso ay hindi mo kasalanan.

## Ikaw ba ay nakaranas ng mga ito?

### Pang-aabusong Pisikal

- ☐ Suntok, sipa
- ☐ Sakal
- ☐ Binato ng mga bagay
- ☐ Pagkatulak sa pader, sipa

※ **Kapag nasa peligro, makipag-ugnay sa pulisya (numero 110)**

### Pang-aabusong Pang-ekonomiya o Pinansyal

- ☐ Labis ang pagtatanong kahit sa maliliit na detalye ukol sa paggamit ng pera
- ☐ Ayaw kang pagtrabahuhin
- ☐ Ayaw kang bigyang ng panggastos sa pang-araw-araw na pamumuhay

### Pang-aabusong Mental at Emosyonal

- ☐ Sinasabihan ng masasakit na salita kagaya ng "Tanga!" "Mamatay ka na!"
- ☐ Ang mga pinahahalagahan mong gamit ay sinisira, tinatago
- ☐ Hindi pinapansin o pinagwawalang-bahala
- ☐ Kahit anuman, sinasabihan ng "Ikaw ang mali" at ikaw ang may kasalanan

### Pang-aabusong Sekswal

- ☐ Hindi nakikipagtulungan sa pagpigil ng pagbubuntis
- ☐ Puwersahang pakikipagtalik



### Iba Pang Pang-aabuso

- ☐ Inaalam ang lahat ng kilos mo
- ☐ Hindi gustong nakikipag-ugnay sa iyong pamilya at kaibigan.
- ☐ Tinatakot ka tungkol sa iyong estado ng pagiging residente (Sinasabihan ka ng "Bumalik ka na sa bansa mo" "Kapag diniborsyo kita, hindi ka na mamamalagi sa bansang Hapon")

## Nakakaisip ka ba ng ganito?

- ☐ Sa susunod ay hindi na niya ako sasaktan
- ☐ Kasalanan ko kasi kaya nagalit
- ☐ Wala akong matatakbuhan
- ☐ Likas naman siyang mabait
- ☐ Walang makakatulong sa akin
- ☐ Kailangan ko itong tiisin at hindi magdiborsyo para sa kapakanan ng mga bata

Nilikha noong Marso 2016